

Sheppard Pratt Health System – Patakaran sa Pinansyal na Tulong sa Pasyente – Madaling Maunawaang Buod

Nakatuon ang Sheppard Pratt Health System sa pagbibigay sa mga pasyente ng pinakamataas na kalidad ng pangangalaga at serbisyo. Upang matulungan ang aming mga pasyente, at sumunod sa mga batas ng Pederal na Pamahalaan at Estado ng Maryland, nagbibigay ang Sheppard Pratt ng sumusunod na impormasyon tungkol sa Patakaran sa Pinansyal na Tulong nito (Financial Assistance Policy o FAP).

Pagiging Kwalipikado para sa Pinansyal na Tulong

Sa ilalim ng FAP ng Sheppard Pratt, may ilang partikular na hindi insured at hindi ganap na insured na pasyente na maaaring maging kwalipikadong makatanggap ng pinansyal na tulong para sa gastos sa pang-emergency at medikal na kinakailangang serbisyo ng hospital. Ang mga pasyenteng kwalipikado para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP ay hindi sisingilin para sa pang-emergency o medikal na kinakailangang pangangalaga nang mahigit sa karaniwang sinisingil na halaga sa mga insured na pasyente. Nakabatay ang pagiging kwalipikado sa kabuuang kita ng pamilya at laki ng pamilya ng pasyente at/o taong responsable sa pagbabayad. Ang gagamiting mga pamantayan ng taunang kita ay 250% ng mga kasalukuyang pederal na alituntunin sa kahirapan gaya ng taunang ipinapatupad sa Federal Register. Isasaalang-alang din ang mga asset at bayarin. Maaaring magbigay ng pinansyal na tulong na hanggang 100% ng mga medikal na bayarin.

Aplikasyon para sa Pinansyal na Tulong

Ang mga pasyenteng nanghihingi ng pinansyal na tulong ay dapat magsagot ng form ng aplikasyon at magbigay ng sumusuportang dokumento na hinihingi sa FAP at sa form ng aplikasyon. Makakakuha ng libreng kopya ng FAP at form ng aplikasyon mula sa alinman sa sumusunod:

- Website: www.sheppardpratt.org/patient-care-and-services/resources/financial-support/
- Personal na Pagkuha: Alinman sa aming lokasyon/tanggapan sa pagpaparehistro ng Pasyente; o sa The Conference Center at Sheppard Pratt
6501 N. Charles Street
Baltimore, MD 21204
- Pagsulat Sa: Sheppard Pratt Health System
Attn: Financial Assistance
P.O. Box 6815
Baltimore, MD 21285-6815
- Numero ng Telepono: (410)938-3370 o nang toll free sa (800)264-0949; Lunes-Biyernes 8:00am hanggang 3:00pm.

Upang mag-iskedyul ng appointment para sa tulong sa form ng aplikasyon, maaaring makipag-ugnayan ang pasyente sa kinatawan ng Sheppard Pratt sa numero ng teleponong nakasaad sa itaas o bumisita sa Conference Center at Sheppard Pratt. Available ang mga pagpapasaling-wika ng FAP, form ng aplikasyon, at madaling maunawaang buod sa mga sumusunod na wika kapag hiniling: Chinese, French, Korean, Russian, Spanish, Tagalog, Urdu at Vietnamese. Para sa iba pang wika, makakakuha ng tulong sa pagsasalin kapag humiling.

Mga Karapatan ng Pasyente

Ang mga pasyenteng makakatugon sa mga nakalarawan sa itaas na pamantayan ng patakaran sa pinansyal na tulong ay makakatanggap ng tulong mula sa ospital para sa pagbabayad ng kanilang bill. Kung sa palagay mo ay nagkamali sa pagpapasa sa iyo sa ahensya sa paniningil, may karapatan kang makipag-ugnayan sa tanggapan ng negosyo ng Sheppard Pratt sa 410-938-3370 o sa toll free na 1-800-264-0949.

Maaari kang maging kwalipikado para sa Medikal na Tulong ng Maryland. Ang Medikal na Tulong ay isang programa na magkasamang pinopondohan ng pamahalaan ng Estado at Pederal na pamahalaan at binabayaran nito ang hanggang sa kabuuang gastos ng pagsaklaw sa kalusugan para sa mga indibidwal na mababa ang kita at nakatutugon sa ilang partikular na pamantayan. Sa ilang sitwasyon, maaaring kailanganin mo munang mag-apply at matanggihan para sa pagsaklaw na ito bago maging kwalipikado para sa pinansyal na tulong ng Sheppard Pratt.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa proseso ng aplikasyon para sa Medikal na Tulong ng Maryland, pakitawagan ang iyong lokal na Departamento ng Social Services sa numerong 1-800-332-6347 o sa pamamagitan ng internet (www.dhr.state.md.us).

Mga Obligasyon ng Pasyente

Para sa mga pasyenteng may kakayahang magbayad, obligasyon nilang magbayad sa takdang panahon. Ginagawa ng Sheppard Pratt ang lahat ng pagsisikap upang matiyak na wastong masingil ang mga account ng pasyente, at makakatanggap ang mga in-patient ng kopya ng buod na statement sa loob ng 30 araw pagkalabas ng ospital. May responsibilidad ang pasyenteng magbigay ng wastong impormasyon ng insurance.

Kung wala kang pagsaklaw sa kalusugan, inaasahan naming magbabayad ka ng bill sa takdang panahon. Kung sa palagay mo ay maaari kang maging kwalipikado sa ilalim ng FAP ng Sheppard Pratt, o kung hindi mo kayang bayaran ang kabuuang bill, dapat kang makipag-ugnayan sa amin gaya ng nakasaad sa itaas.

Kung hindi mo matutugunan ang mga pinansyal na obligasyon sa iyong bill, maaari kang ipasa sa ahensya sa paniningil. May obligasyon ang pasyenteng tiyakin na makukuha ng ospital ang tumpak at kumpletong impormasyon. Kung magkakaroon ng

pagbabago sa iyong pinansyal na kalagayan, may obligasyon kang makipag-ugnayan sa Sheppard Pratt upang ibigay ang nabagong impormasyon.

Nakahiwalay ang bill para sa mga doktor na nangangalaga sa mga pasyente sa Sheppard Pratt sa panahon ng pananatili ng inpatient at hindi kasama sa iyong billing statement sa ospital ang mga singilin para sa kanila.